TAGALOG

Abril 27, 2009

Mahal na mga Magulang, mga Pamilya at Kawani ng mga Pampublikong Paaralan ng Seattle:

Wala pang anumang kaso ng Trangkaso sa Baboy (Swine Influenza) ang naiulat sa Estado ng Washington o King County. Gayunman, mayroon nang napatibayang mga kaso ng Trangkaso sa Baboy ang nakita sa buong Estados Unidos. Ang mga kawani ng mga Pampublikong Paaralan ng Seattle, ay masusing nagtatrabaho kasama ng mga lokal, estado at pambansang ahensiya ng kalusugan para imbestigahan ang anumang sakit at/ o mga inpeksyon at mayroon kaming mga planong nakahanda para pakitunguhan ang anumang maaring mga biglang paglitaw.

Ang trangkaso ng baboy sa tao ay nakikilala sa pagkakaroon ng lagnat, masakit sa lalamunan, pananakit ng katawan, masakit ang ulo, nagiginaw at napapagod. Ang sakit ay maaring tumagal hanggang pitong araw, pero ang mga sintomas ay nananatili. Kung ikaw o ang inyong anak ay nagpapakita ng katamtaman na mukhang trangkasong palatandaan, imonitor at tawagan ang inyong doktor para kumunsulta kung kailangan o maari din kayong kumunsulta sa nars ng inyong paaralan.

Gusto ng mga Pampublikong Paaralan ng Seattle na paalalahanan ang mga magulang at mga miyembrong kawani ng kahalagahan ng pag-iingat at paano maging ligtas.

Ano ang Magagawa Mo para Hadlangan ang Pagkalat ng Trangkaso sa Baboy

- Bumahin, umubo sa isang tisyu, siko o manggas. Itapon ang tisyu sa basurahan matapos gamitin.
- Hugasan ang inyong mga kamay ng sabon at tubig, lalo na matapos kayong umubo o bumahin. Ang panglinis na alkohol gamit-kamay ay epektibo din.
- Iwasang hipuin ang inyong mata, ilong at bibig/ Ang mga mikrobyo ay kumakalat ng ganoon.
- Kung kayo ay may sakit, tumigil ng bahay.

Mga Palatandaan ng Trangkaso sa Baboy

- Lagnat, ubo, masakit ang lalamunan, pananakit ng katawan, sakit ng ulo,nagiginaw, napapagod.

Pakitandaan na dapat tumigil ang mga mag-aaaral sa bahay kung mayroon silang alin man sa mga sumusunod na mga palatandaan: lagnat (temperatura na 100 grado o mas mataas), pagsusuka o pagtatae, singaw na paltos, mabigat na pagsisikip ng ilong o madalas na pag-ubo at kung ang inyong anak ay masuri nang may nakahahawang sakit.

Kung mayroon kayong anumang mga tanong huwag mag-atubiling tumawag sa Seattle King County Departamento ng Pampublikong Kalusugan sa (206) 296-4949 o tingnan sa www.kingcounty.gov/health o bisitahin ang Sentro sa Pagkontrol ng Sakit website, www.cdc.gov.

Taos-puso,

Jill Lewis, RN MN
Tagapamahala ng Programa , Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Mag-aaral